Mga Bakuna

Para sa mga Taong May Huminang Sistema ng Imyunidad

Kung nakompromiso ang iyong imyunidad, maaaring mas mahirapan kang protektahan ang iyong sarili laban sa mga sakit na napipigilan. Ang ilang mga sakit na napipigilan ng bakuna ay maaaring maglagay sa iyo sa mas mataas na panganib para sa malubhang impeksyon sa baga na maaaring mangailangan ng pagkaka-ospital o maaaring maging sanhi ng pagkamatay.

Ang mga bakuna ay isang ligtas, mabisa at madaling paraan para protektahan ang iyong sarili laban sa mga sakit na napipigilan. Lalo silang mahalaga para sa mga taong may mahinang sistema ng imyunidad dahil mas nahihirapan kang gumaling sa mga impeksyon o sakit. Gayunpaman, depende sa kung gaano naapektuhan ang iyong sistema ng imyunidad, maaaring kailanganin mong iwasan ang ilang mga bakuna o maghintay hanggang sa mas malakas na ang iyong sistema ng imyunidad.

Tanunging mo ang iyong tagapagkaloob ng medikal na serbisyo (provider) kung aling mga bakuna ang inirerekomenda para sa iyo.

Aling mga Bakuna ang Aking Kailangan?

- **Bakuna sa COVID-19:** Inererekomenda sa lahat ng 6 na buwan pataas na magpabakuna ng hindi bababa sa 1 dosis ng pinakabagong bakuna sa COVID-19. Ang mga taong may huminang sistema ng imyunidad ay maaaring kumuha ng karagdagang dosis ng 2023-2024 na bakuna ng COVID-19 depende sa dami ng dosis na nakuha na dati.

  Ang mga tao na hindi pa dating nabakunahan ay dapat makatanggap ng 3 dosis ng pinakabagong bakuna na mRNA (Pfizer BioNTech o Moderna) o 2 dosis ng pinakabagong bakuna sa COVID-19 na Novavax.

  Ang mga taong dating nakatanggap na ng orihinal na bakuna ng Novavax, monovalent o bivalent na mRNA ay kailangan ng 1 o 2 dosis ng pinakabagong bakuna sa COVID-19 depende sa dami ng dating mga dosis na nakuha na.

- **Bakuna sa Trangkaso:** Dapat mong kuhanin ito taun-taon, lalo na sa taglagas, para mabawasan ang panganib ng pagkakaroon ng trangkaso. Kung ikaw ay 65 pataas, o 18-64 at nakatanggap ng inilipat na bahagi ng lamang loob ng katawan (organ transplant at umiinom ng gamot para pigilan ang imyunidad (immunosuppressive medication), tanungin ang iyong tagapagkaloob ng medikal na serbisyo (provider) tungkol sa mas mataas na dosis na bakuna sa trangkaso.

County of Los Angeles Public Health

Mga Bakuna

Para sa mga Taong May Huminang Sistema ng Imyunidad

- **RSV:** Para sa mga taong may edad 75 pataas, ang isang dosis ay nagbibigay proteksyon laban sa malubhang sakit mula sa respiratory syncytial virus (RSV). Ang isang dosis ng RSV ay inirerekomenda para sa mga matatanda na may edad 60-74 na nasa mataas na panganib ng malubhang RSV, tulad ng mga indibidwal na may nakompromisong imyunidad (immunocompromised).

  Ang mga sanggol na wala pang 8 buwan ay dapat makatanggap ng isahang dosis ng nirsevimab (Beyfortus) bago o habang nasa panahon ng RSV (Oktubre hanggang Marso) para sila ay maprotektahan mula sa impeksyon sa baga. Ang mga sanggol at mga bata na nasa edad na 8 hanggang 19 na buwan na nasa mataas na panganib para sa malubhang sakit na RSV at pumapasok na sa kanilang pangalawang panahon ng RSV ay dapat ring makatanggap ng isahang dosis ng nirsevimab.

- **Bakuna sa Pulmonya:** Nagpoprotekta laban sa ilang uri ng pneumococcal na bakterya na maaaring maging sanhi ng malubhang impeksiyon sa mga bata at matatanda. Ang 4 na dosis na serye na gamit pangbata ay inirerekomenda bago ang edad na 5. Ang mga rekomendasyon para sa mga mas nakakatandang mga bata at matatanda, ay maaaring ma-akses dito.

Paano Ako Magpapabakuna?

- Bisitahin ang iyong tagapangalaga ng kalusugan (health care provider) o parmasya.
- Itanong sa iyong tagapangalaga ng kalusugan (health care provider) kung inirerekomenda ang karagdagang dosis para sa iyo.
- Kung wala kang tagapangalaga (provider), pumunta sa http://publichealth.lacounty.gov/vaccines para sa listahan ng mga libre at murang mga klinika para sa pagpapabakuna at mas marami pang impormasyon tungkol sa mga bakuna.
- Ang pinakamabuting bahagi ay ang maaari kang makukuha ng karamihan ng mga bakuna sa parehong pagbisita!

Para sa listahan ng mga inirerekomendang mga bakuna, Bisitahin ang: www.cdc.gov/vaccines

Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Call Center)

Para sa mas marami pang impormasyon, ang Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan ay bukas 8 ng umaga hanggang 8 ng gabi pitong araw sa isang linggo sa **1-833-540-0473**.